# Nakuha Mo Na Ang Iyong Sariling COVID Vax Card: *Ano Na Ang Susunod?*




Kapag natanggap mo na ang iyong bakuna sa COVID-19, makakakuha ka ng card sa pagpapabakuna para patunayan ito. Ingatan ito! Dapat mo itong alagaan sa parehong paraan ng pag-alaga mo sa iyong mga credit card, lisensya sa pagmamaneho o passport. Hindi lang paalala para sa iskedyul ang iyong card: isa itong opisyal na rekord na maaaring kailanganin mo para sa paglalakbay, pag-access sa event, at posibleng para sa mga booster na dosis sa hinaharap.

Maraming negosyo sa Washington ang nag-aalok na ngayon ng mga insentibo para sa mga nagbibigay ng napatunayang katibayan ng ganap na pagpapabakuna gaya ng mga diskuwento, freebie, o gustong upuan sa mga event. Protektahan ang iyong card sa pagpapabakuna para masulit mo ang mga espesyal na alok na ito.

### *Narito ang ilang kapaki-pakinabang na tip na dapat tandaan pagdating sa pangangasiwa ng iyong card sa pagpapabakuna:*



- **ITAGO** ang iyong card sa pagpapabakuna sa pagitan ng mga dosis at pagkatapos ng mga ito.
- **KUMUHA** ng mga litrato ng harap at likod ng iyong card para magkaroon ng madaling maa-access na digital na kopya. Pag-isipang i-email ito sa iyong sarili, gumawa ng album, o magdagdag ng tag sa litrato para madali mo itong mahanap.
- **MAGDALA** ng kopya kung gusto mong magdala nito.



- **HUWAG** itong itapon o hayaang mawala!
- **HUWAG** mag-post ng selfie online na ipinapakita ang iyong card sa pagpapabakuna. Sa halip, mag-selfie at gamitin ang aming mga digital sticker (Ingles lang) sa pamamagitan ng paghahanap sa #vaccinateWA o #wadoh! Huwag kalimutang i-tag ang @WADeptHealth.
- **HUWAG** ipa-laminate ang iyong orihinal na card. Maaari mong piliing ipa-laminate ang isang kopya para dalhin mo.




## Ano ang mangyayari kung wala na sa iyo ang iyong card sa pagpapabakuna mula sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit)?

Kung hindi mo mahanap o nawala mo ang iyong card, huwag mag-alala! Maaari kang makakuha ng opisyal at naberipikang patunay ng iyong pagpapabakuna sa COVID-19 online, nang libre. Ang website ng MyIR ay isang opisyal na pathway ng estado para i-access ang katibayan ng pagpapabakuna sa estado ng Washington. Para makakuha ng iyong kopya, bisitahin ang www.MyIRmobile.com at mag-sign up nang libre. Kung na-set up mo na ang iyong MyIR account, handa ka na!

** Mangyaring tandaan na ang pagberipika ng iyong mga rekord sa pamamagitan ng MyIR ay posibleng hindi maging agaran, at kasalukuyang limitado ang access sa wikang Ingles lamang.*

Para sa tulong sa wika, o karagdagang tulong sa pagkuha ng iyong mga rekord, maaari ka ring tumawag sa Office of Immunization and Child Profile (Tanggapan ng Pagpapabakuna at Profile ng Bata) ng Estado ng Washington sa mga karaniwang oras ng trabaho sa 360-236-3595 o makipag-ugnayan sa pamamagitan ng email sa waiisrecords@doh.wa.gov.

Washington State Department of Health

DOH 348-809 June 2021

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang anyo o format, tumawag sa 1-800-525-0127. Mangyaring tumawag ang mga customer na may kapansanan o kahirapan sa pandinig sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.